

## **Pag-unawa sa Batas na Lanterman-Petris-Short (LPS)**

*Lat. #5608.08-Tagalog*

### **Kabanata 1: Hindi Boluntaryong Pagpapanatili para sa Paggamot**

Pinahihintulutan ng batas ng California ang mga opisyal ng pulisya at ilang propesyunal sa kalusugan ng isip na panatilihin ka sa kanilang kustodiya kung sa tingin nila ay malamang na magdudulot ka o dadaranas ng ispesipikong mga uri ng pinsala dahil sa iyong sakit sa isip. Ito ay madalas na tinutukoy bilang “pagpapanatili na 5150,” na ipinangalan sa regulasyon na nag-awtorisa nito. Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon (WIC, Welfare & Institutions Code) § 5150.

Sa ilalim ng batas, kung natugunan mo ang ilang mga pamantayan, maaari kang panatilihin nang 72 oras. Ito ay hindi isang kriminal na pag-aresto. Sa panahong ito, susuriin ka ng mga propesyunal sa kalusugan ng isip upang tukuyin kung maaari kang palabasin, kung naaangkop ang boluntaryong mga serbisyo, o kung kailangan mo ng karagdagang paggamot. WIC §§ 5151, 5152. Kung natukoy ng propesyunal na kailangan mo ng karagdagang paggamot, at kung sa tingin nila ayaw mo o hindi mo kayang tumanggap ng boluntaryong paggamot, maaari silang magsampa ng isa pang pagpapanatili hanggang sa karagdagang 14 na araw. WIC § 5250.

#### **Mga Pamantayan sa Pagpapanatili**

Hindi ka maaaring panatilihin ng opisyal ng pulisya o propesyunal ng kalusugan ng isip dahil sa pagkaroon lamang ng sakit sa isip. Maaari ka lamang detenahin kung sa paniniwala ng opisyal ang iyong sakit sa isip ay malamang na magdulot ng ilang uri ng pinsala. WIC § 5150.05. Ang opisyal o taong gumagamot sa iyo ay maaaring isaalang-alang ang iyong kasaysayan ng kalusugan ng isip, ngunit hindi ka maaaring panatilihin batay lamang sa iyong kasaysayan. Upang mapailalim sa saykayatrikong pagpapanatili, dapat mong matugunan ang hindi bababa sa isa sa mga sumusunod na mga pamantayan, bilang resulta ng sakit sa kalusugan ng isip:

#### **Panganib sa Sarili**

Madalas, ang isang taong itinuturing na panganib sa kanilang sarili ay nagbanta o nagtangka ng pinsala sa sarili o pagpapakamatay.

## **Panganib sa Iba**

Ang mga pagbabanta o aktuwal na pagtatangka ng pinsala sa iba ang pinakakaraniwang paraan na tumugon sa pamantayang ito.

## **Malubhang Kapansanan**

Ang pagkakaroon ng “malubhang kapansanan” ay nangangahulugan na ang isang tao ay hindi na kayang maglaan para sa kanilang sariling pagkain, damit, o tirahan dahil sa sakit sa kalusugan ng isip. WIC § 5008(h). Ang isang tao ay maaaring ituring na may malubhang kapansanan kung, halimbawa, hindi na sila kumakain nang sapat upang mabuhay, o kung hindi na nila kayang panatilihin ang pabahay.

## **Karagdagang Impormasyon sa Malubhang Kapansanan**

Ang isang taong hindi kayang pangalagaan ang kanyang sarili, ngunit nabubuhay nang ligtas sa tulong ng pumapayag na ikatlong partido ay malamang na walang “malubhang kapansanan.” § 5350(3). *Tingnan din ang Pamamahala ni Early (Conservatorship of Early)*, 35 Kodigo. 3d 244, 253, 673 P.2d 209 (1983) (tinanggal na mga pagsipi) “...ang pagpapataw ng pamamahala ay dapat lamang gawin sa mga sitwasyon kung saan ito ay talagang kinakailangan. Upang makamit ang layuning ito, ang katibayan ng pagkakaroon ng tulong ng ikatlong partido ay dapat isaalang-alang;” at *O’Connor v. Donaldson*, 422 U.S. 563, 575, 95 S. Ct. 2486, 2493–94, 45 L. Ed. 2d 396 (1975) “...bagaman maaaring posibleng ikulong ng Estado ang isang tao upang iligtas siya mula sa pinsala, ang pagkulong ay bihira kung kailanman kinakailangang kondisyon para sa pagtataas ng mga pamantayan sa pamumuhay ng mga kayang mabuhay nang ligtas nang malaya, mag-isa o sa tulong ng pamilya o mga kaibigan.”

Ang hindi pagkaroon ng tahanan mismo ay malamang na hindi tutugon sa mga pamantayan ng pagkakaroon ng “malubhang kapansanan.” Gayunpaman, ang isang taong hindi kaya o hindi susubukang maghanap ng pagkain o tirahan bilang direktang resulta ng sakit sa isip ay malamang na ituturing na may malubhang kapansanan. *Tingnan ang Pamamahala ni Chambers (Conservatorship of Chambers)*, 71 Cal. App. 3d 277, 284, 139 Cal. Rptr. 357 (Ct. App. 1977) (“...ang katawagang [pagkakaroon ng malubhang kapansanan] ay sapat na wasto upang ibukod ang hindi pangkaraniwan o hindi naaalinsunod na mga pamumuhay. Nangangahulugan ito ng kawalan ng kakayahan o pagtangga sa bahagi ng ipinanukalang pinamamahalaan upang pangalagaan ang pangunahing mga personal na pangangailangan sa pagkain, damit at tirahan.”)

Dagdag pa, bagama’t ang mga nakaraang pagkilos ay maaaring isaalang-alang, ang isang tao ay walang malubhang kapansanan maliban kung sila ay nagpakita ng panganib sa kanilang sarili dahil sa kanilang kawalan ng kakayahan na magbigay ng pangangalaga sa sarili. *Tingnan ang Pamamahala ni Benevuto (Conservatorship of Benevuto)*, 180 Cal.App.3d 1030 (1986). Ang posibilidad ng pinsala sa hinaharap ay maaaring hindi sapat upang matugunan ang mga pamantayan sa pagpapanatili. *Id* sa 1034 n.2. (“Kung ang pamamahala sa LPS ay maaaring muling itatag dahil sa pinaghihinalaang posibilidad ng pagbabalik ng sakit sa hinaharap, maraming pinamamahalaan na hindi nagbalik ang sakit ang matatanggihan ng kalayaan batay sa pesimismong posibilidad. Ang kawalan na ito ay hindi

makatwiran dahil sa mga pamamaraan sa kautusan na magagamit upang mabilis na maipatupad ang pamamahala sa LPS kung kinakailangan.”)

*Tandaan:* Ang katulad na batas na nagpapahintulot sa pulisya (o ibang mga nakatalaga) na isailalim ka sa kustodiya kung sa tingin nila’y natugunan mo ang mga pamantayan sa itaas dahil sa talamak na alkoholismo. WIC § 5170.

### **72-Oras na “5150” na mga Pagpapanatili**

Sa simula ng pagpapanatili, dapat dalhin ka sa saykayatrikong ospital o ibang pasilidad ng kalusugan ng isip kung saan maari kang suriin ng mga medikal na propesyunal. Habang nasa ospital, tutukuyin ng mga kawani kung hihiling ng mas mahabang pagpapanatili para sa paggamot o kung maaari kang palabasin nang ligtas.

Hindi ka kailangang panatilihin ng ospital nang buong 72 oras. WIC § 5152. Dapat palabasin ka ng ospital kung sa tingin nila na hindi mo na kailangan ng pagsusuri o paggamot.

Pagkatapos ng 72 oras, isa sa maraming bagay ang mangyayari:

- Lalabas ka, o;
- Ipapasok ka bilang boluntaryong pasyente, o;
- Ilalagay ka sa isang 14-na-araw na hindi boluntaryong pagpapanatili [tinatawag na “pagpapatunay para sa masinsinang paggamot” (“certification for intensive treatment”)], o;
- Isasangguni ka para sa pamamahala. *Tingnan ang* “Kabanata 2: Mga Pamamahala sa LPS.”

### **Ang Iyong mga Karapatan sa Panahon ng 72-Oras na Pagpapanatili**

Ang hindi boluntaryong pagpapanatili ay hindi isang kriminal na pag-aresto. Napapanatili mo ang ilang mga karapatan habang ikaw ay dinadala sa kustodiya at dinetena.

- **Ari-arian:** Ang taong nagdadala sa iyo sa kustodiya ay dapat gumawa ng makatwirang pag-iingat upang pangalagaan ang iyong ari-arian. Dapat pahintulutan kang tipunin ang ilang personal na mga gamit na iyong dadalhin. WIC § 5210.
- **Tawag sa telepono:** Ang taong nagdadala sa iyo sa kustodiya ay dapat abisuhan ka na maaari kang tumawag upang ipaalam sa isang tao kung saan ka dinadala. WIC § 5150(g)(1).
- **Abiso at pagsusuri:** Dapat kang bigyan ng nakasulat na kopya ng petisyon na nagpapaliwanag kung bakit ka pinapanatili para sa pagsusuri. WIC § 5208. Ang petisyong ito ay dapat naglalaman ng pangalan at address ng nagpetisyon; iyong pangalan at ibang tumutukoy na impormasyon tulad ng address, kasarian, at trabaho; mga katotohanan na ginagamit bilang batayan para sa petisyon;

mga pangalan ng sinumang pinaniniwalaang responsable para sa iyong pangangalaga; at ano pang ibang impormasyon na maaaring iatas ng korte. WIC § 5204. Habang ikaw ay nakadetena, dapat suriin ka ng ospital. Isasaalang-alang ng taong sumusuri sa iyo ang iyong medikal, sikolohikal, pang-edukasyon, panlipunan, pinansyal, at legal na sitwasyon. WIC § 5008.

- **Mga medikasyong antipsychotic:** May karapatan ka na tumanggap o tumanggi ng mga medikasyong antipsychotic. Maaari ka lamang bigyan ng mga medikasyon na ito matapos kang bigyan ng doktor ng nakasulat at berbal na impormasyon tungkol sa mga epekto at pangalawang epekto at ibinigay mo ang iyong ipinaliwanagang pahintulot. Gayunpaman, maaari ka pa ring bigyan ng mga medikasyon sa ilang mga emerhensiya nang hindi boluntaryo. Maaari ka ring bigyan ng mga medikasyon nang hindi boluntaryo kung, pagkatapos ng isang pagdinig, natukoy ng hukom na wala kang kakayahan na gumawa ng pasya tungkol sa pag-inom ng medikasyon. WIC § 5332.

### **Ang Pagdinig para sa Pagrepaso ng Pagpapatunay sa 14-na-araw na “5250” na Pagpapanatili**

Kung nais ng gumagamot na pasilidad na panatilihin ka nang mas mahaba sa 72 oras, may karapatan ka sa isang Pagdinig para sa Pagrepaso ng Pagpapatunay. Sa panahong ito, may karapatan ka sa nakasulat na abiso na ikaw ay pinapanatili. Ang abisong ito ay dapat maglaman ng ispesipikong mga dahilan kung bakit ka pinapanatili. WIC § 5251. May karapatan ka rin sa tulong mula sa isang tagataguyod ng mga karapatan ng pasyente. Ito ay isang taong tutulong sa iyo na maunawaan ang iyong mga karapatan at itataguyod ang iyong mga interes. WIC § 5325. § 5325(h). Ang pagdinig na ito ay dapat isagawa sa loob ng apat na araw ng pagpapatunay para sa 14-na-araw na pagpapanatili, maliban kung humiling ka o ang iyong tagataguyod na ipagpaliban. WIC §§ 5250, 5254. Hindi mo kailangang humiling ng pagdinig na ito, awtomatiko itong iiskedyul para sa iyo.

Sa pagdinig, pag-aaralan ng walang kinikilingang partido kung mayroong sapat na katibayan [tinatawag na “makatwirang dahilan” (“probable cause”)] upang ipatuloy ang pagpapanatili sa iyo laban sa iyong kagustuhan. Ang pagdinig na ito ay para sa iyong pakinabang, at ang ospital ang may pasanin na mapangatwiran ang pagpapanatili sa iyo. Hindi mo kinakailangang patunayan kung bakit dapat hindi ka pinapanatili, ngunit papahintulutan kang magpakita ng katibayan upang ipakita kung bakit hindi ka na dapat papanatilihin ng ospital nang mas matagal pa. Kung ang partidong nagsagawa ng pagdinig ay natukoy na walang sapat na katibayan na kailangan kang panatilihin, dapat kang palabasin ng ospital. WIC § 5256.

Mga Karapatan sa Panahon ng Pagdinig para sa Pagrepaso ng Pagpapatunay

Ikaw ay binibigyan ng ilang mga karapatan at proteksyon sa panahon ng Pagdinig para sa Pagrepaso ng Pagpapatunay (Certification Review Hearing).<sup>1</sup> Kabilang dito ang:

- Ang karapatan na tulungan ng isang abogado o ibang tagataguyod;
- Ang karapatan na magpakita ng katibayan sa iyong sariling ngalan;
- Ang karapatan na tanungin ang taong nagpapakita ng katibayan na sumusuporta sa iyong pagpapatunay;
- Ang karapatan na gumawa ng makatwirang mga kahilingan na dumalo sa pagdinig ang mga tao sa pasilidad ng paggamot;
- Kung ikaw ay binigyan ng medikasyon sa loob ng 24 oras ng iyong pagdinig, ipapaalam sa taong nagsagawa ng pagdinig ang katotohanan na ikaw ay uminom ng medikasyon at ang posibleng epekto nito sa iyo.

Ang iyong pagdinig ay malamang na hindi gaanong pormal kaysa sa karamihan sa mga pagdinig sa korte. Ito ay para mahikayat ang mga tao na magsalita nang hayagan tungkol sa pagpapatunay. Dapat abisuhan ng kawani ng pasilidad ang mga miyembro ng pamilya at ibang taong iyong hiniling ng oras at lugar ng pagdining. Dapat ka ring abisuhan ng kawani ng iyong karapatan na humiling na hindi nila ibahagi ang impormasyong ito sa sinumang pamilya o ibang tao na hindi mo gustong dumalo sa pagdinig.

Kung hindi mo gustong tumanggap ng paggamot, dapat mong ipaalam ito. Bagama't sa ilang mga kaso, ang isang tao ay maaaring tutulan ang paggamot dahil sa sakit sa isip, ang paghayag ng iyong pagtutol sa paggamot ay hindi katibayan mismo ng sakit o pangangailangan para sa pagpapanatili. Ibig sabihin, ang iyong kagustuhan na hindi tumanggap ng paggamot, nang walang ibang katibayan, ay hindi sapat upang patunayan na kailangan mo ng paggamot.

### **Ang Karapatang Humiling ng 'Habeas Corpus' na Pagdinig**

Pinahihintulutan ka ng habeas corpus na pagdinig upang hamunin ang iyong pagpapanatili sa pamamagitan ng pagbabadya na ikaw ay pinapanatili nang ilegal. Ang pagdinig na ito ay hindi

---

<sup>1</sup> Kung gusto mong tingnan ang mga aktuwal na kautusan na naglalatag ng mga karapatang ito, makikita ang lahat ng ito sa ilalim ng WIC § 5256.4. [\(Bumalik sa Pangunahing Dokumento\)](#)

awtomatiko. Dapat kang gumawa ng ispesipikong kahilingan para sa isa sa pamamagitan ng pag-abiso sa isang miyembro ng kawani ng paggamot sa ospital o sa tagataguyod ng mga karapatan ng mga pasyente. Kung humihiling ka ng pagdinig, may karapatan ka na irepresenta ng isang abogadong itinalaga ng korte o pribadong legal na abogado. Ngunit dapat mong malaman na **ang habeas corpus na pagdinig ay maaaring magresulta sa pagkaantala o ibang mga kalalabasan**. Siguraduhing kumunsulta sa isang abogado o tagataguyod ng mga karapatan ng mga pasyente sa mga posibleng kalalabasan bago humiling ng pagdinig. WIC §§ 5254.1, 5275-5276.

### **Mga Kalalabasan mula sa 14-na-Araw na Pagpapanatili**

Maraming posibleng kalalabasan pagkatapos ng 14-na-araw na pagpapanatili:

- Maaari kang palabasin bago ang 14 na araw. Maaari kang palabasin ng kawani, o sa pagdinig para sa pagrepaso ng pagpapatunay, o sa habeas corpus na pagdinig (it ay isang pagdinig kung saan hihilingin mo sa hukom na pag-aralan ang legalidad ng iyong pagpapanatili. Halimabawa, ang hukom ay maaaring magpasya na palabasin ka kung ang iyong mga karapatan ay nilabag sa panahon ng proseso na humantong sa pagpapanatili), o;
- Ipapasok ka bilang boluntaryong pasyente, o;
- Kung natukoy ng taong gumagamot sa iyo na kailangan mo ng higit pang paggamot, maaari kang ilagay sa isa pang pagpapanatili.

Kung natukoy ng taong gumagamot sa iyo na kailangan kang panatilihin nang mas matagal para sa paggamot, ang tagal ng pagpapanatili ay nagdedepende sa kung bakit ka pinapanatili. Sa ilalim ng bawat uri ng pagpapanatili, may karapatan ka sa angkop na pamamaraan.

**Kung ikaw ay itinuturing pa rin na mapanganib sa iyong sarili**, maaari kang muling patunayan para sa isa pang 14-na-araw na pagpapanatili. WIC § 5260.

**Kung ikaw ay itinuturing pa rin na mapanganib sa iba**, maaari kang ilagay ng korte sa 180-araw na pagpapanatili matapos-ang-pagpapatunay. Ang pagpapanatili na ito ay napaninibago. WIC § 5301.

**Kung itinuturing ka pa ring may malubhang kapansanan**, maraming posibleng kalalabasan:

- Maaari kang ilagay sa 30-araw na pagpapanatili para sa karagdagang masinsinang paggamot, kung ginagawa sa iyong county. WIC § 5270 at mga sumusunod. O;
- Maaari kang ilagay sa Pansamantalang Pamamahala (Temporary Conservatorship) at saka sa ganap na isang-taong Pamamahala, na napaninibago. WIC §§ 5352.1, 5361. Sa kasong ito, ang tagapamahala ay maaaring bigyan ng kapangyarihan na gumawa ng ilang mga

pasya para sa iyo, kabilang ang kung saan ka titira at kung paano gagastahin ang iyong pera. WIC §§ 5350, 5352. O;

- Sa ilang mga sitwasyon, matapos ilagay sa 30-araw na pagpapanatili, ang mga papel ng pamamahala ay maaaring isampa. Sa kasong ito, ang Pansamantalang Pamamahala ay sabay na mangyayari ng (sa parehong panahon ng) 30-araw na pagpapanatili. Hindi lahat ng mga county ay magpapatupad ng 30-araw na pagpapanatili. Itanong sa tagataguyod ng mga karapatan ng mga pasyente sa iyong county upang malaman kung ginagawa ito ng iyong county. WIC § 5256. Dapat mo ring basahin ang “Kabanata 2: Mga Pamamahala sa LPS.”

## **Mga Payo na Makatutulong na Iwasan ang Mas Matagal na Pagpapanatili**

Ang madetena para sa paggamot ay maaaring mahirap na karanasan. Bagama't wala kang ganap na kontrol sa kalalabasan, ang mga sumusunod na hakbang ay maaaring makatulong na ipakita na hindi mo kailangan ng karagdagang paggamot:

### **Kung pinapanatili ka dahil sa pagiging panganib sa iyong sarili:**

Subukang huwag gumawa ng anuman na nakapipinsala sa iyong sarili, at huwag gumawa ng mga pagbabanta na pipinsalain ang iyong sarili. Ang taong sumusuri sa iyo ay madalas na tinitingnan kung itinigil mo ang anumang nakapipinsalang pag-uugali **AT** kung ikaw ay papalabasin, hindi mo susubukang pinsalain muli ang iyong sarili. Nakatutulong na ipaalam sa kawani na ikaw ay may doktor na maaari mong puntahan kapag pinalabas, o may medikasyon na iyong maiinom upang gamutin ang mga sintomas na humahantong sa anumang nakapipinsalang pag-uugali.

### **Kung pinapanatili ka dahil sa pagiging panganib sa iba:**

Ang madetena ay maaaring nakakasama ng loob at nakababahala, ngunit subukang huwag maging mainitin ang ulo o palaaway sa ibang mga pasyente o kawani. Huwag magsimula ng mga pagtatalo, at huwag magpapukaw. Huwag manulak, manunggab, o manuntok ng sinuman. Subukang huwag hawakan ang sinuman maliban kung sinabi ng kawani.

### **Kung pinapanatili ka dahil sa pagkaroon ng malubhang kapansanan:**

Titingnan ng taong sumusuri sa iyo kung kaya mong pangalagaan ang iyong sariling pangunahing mga pangangailangan. Habang ikaw ay nasa ospital, gamitin ang panahon na ito upang pangalagaan ang iyong sarili. Kainin ang mga pagkain na ibinigay. Subukang matulog. Kung dumating ka nang walang mga damit o kung ang iyong mga damit ay kinuha mula sa iyo, suotin ang damit na ibinigay ng ospital. Gamitin ang banyo at paliguan upang linisin ang iyong sarili at pangalagaan ang iyong pangunahing mga pangangailangan sa kalinisan.

Ipaalam sa kawani kung mayroon kang sariling pagkain, damit, at tirahan. Kung wala ka ng mga bagay na ito, maaari mong subukan na ipaalam sa kawani na alam mo kung paano kumuha ng pagkain, damit, at tirahan, o alam mo kung paano humingi ng tulong para sa mga bagay na ito. Hindi mo kailangang

patunayan na magagawa mo ang lahat ng ito nang mag-isa. Kung mayroong isang taong makatutulong sa iyo sa iyong pangunahing mga pangangailangan, humiling sa kanila na ipaliwanag sa pasilidad o korte, sa pamamagitan ng sulat kung posible, ang kanilang ugnayan sa iyo at kung paano sila makatutulong.

### **Mga Pangkalahatang Payo na Isaalang-alang**

Kung kilala mo ang isang taong makatutulong sa iyo sa paggamot o sa iyong pangunahing mga pangangailangan, o makapagpapaliwanag kung bakit hindi mo kailangang ma-ospital, makatutulong na makipag-ugnayan sa kanila. Maaaring ito ay isang kaibigan, miyembro ng pamilya, doktor, o sinuman na makatutulong. Kung mayroon kang isang tao na tumutulong sa iyo, o makukuha at handang tumulong, dapat silang magsumite ng sulat sa korte na nagsasaad nito. **Hindi isasaalang-alang ang kakayahan ng isang tao na tumulong maliban kung pinahayag ito sa pamamagitan ng sulat.** § 5250(d)(2). Gayunpaman, ang ospital ay maaaring handang makipag-usap sa isang tao sa telepono. Mahalaga rin para sa iyong tagataguyod ng mga karapatan ng mga pasyente o abogado na magkaroon ng impormasyong ito. Kung mayroon kang pagdinig sa kung kailangan kang ipanatili nang mas matagal kaysa sa 72 oras, ang taong ito o ang impormasyon na kanilang ibibigay ay makatutulong sa opisyal ng pagdinig o hukom sa pagpasya.

Habang nasa ospital, malamang ay kasama mo ang ibang tao na ginagamot din o pinapanatili dahil sa sakit sa isip. Igalang ang kanilang pagkapribado at kanilang personal na espasyo, lalo na malapit sa estasyon ng mga nurse, mga silid ng pag-iisa, telepono, TV, at habang sila ay kumakain.

Maaaring magbigay ng mga aktibidad ang ospital habang naroon ka. Bagama't ikaw ay malamang na hindi kinakailangang lumahok, ang paggawa nito ay maaaring magpakita sa kawani na ikaw ay ligtas na nakakahalo-bilo kasama ng mga tao. Ang mga aktibidad ay maaaring makatulong sa iyong sariling kapakanan, sa pamamagitan ng pagbabawas ng stress o pag-aalis sa iyong isip mula sa iyong detensyon.

---

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga lathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami. [\[Sagutan ang Survey\]](#)

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [pormularyo ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).



*Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*